## Peritoneal Dialysis Units

**Abbotsford Regional Hospital and Cancer Centre**
Fraser Wing, 4th floor,
32900 Marshall Road
Abbotsford, BC V2S 0C2
604-851-4769

**Royal Columbian Hospital**
Health Care Centre, 3rd floor
330 East Columbia Street
New Westminster, BC V3L 3W7
604-520-4503

**Surrey Memorial Hospital**
Charles Barham Pavilion
13750 96th Avenue
Surrey, BC V3V 1Z2
604-953-6212

## Nais mo ba ng karagdagang impormasyon?

Hilingin ang kahit sino man sa iyong healthcare team na irefer ka sa aming program. Makikipagkita kami sa iyo at bibigyan ka namin ng karagdagang impormasyon para tulungan kang magpasiya kung ang Peritoneal Dialysis ay tama para sa iyo.

## Online Resources

Para sa dalawang websites na ito, i-search ang "Peritoneal Dialysis" o i-scan ang QR code* para diretsong magpunta sa page.

**BC Renal**
bcrenalagency.ca

**Kidney Foundation of Canada**
kidney.ca

*Ang QR code (maikli para sa "quick response" code) ay isang uri ng barcode na ini-iscan gamit ang camera ng iyong smart device. Oras na ito'y na-scan, dadalhin ka nito sa web page na iyon.

www.fraserhealth.ca

Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa iyo ng iyong healthcare provider.

Catalogue #268421 (February 2024) Tagalog
For more copies: patienteduc.fraserhealth.ca

Tagalog

# Home
# Peritoneal Dialysis

Home Peritoneal Dialysis


## Mas mainam sa tahanan



fraserhealth

## Ano ang Peritoneal Dialysis

Sa peritoneal dialysis, ang dugo ay nililinis sa loob ng iyong katawan. Ang panloob na lining ng iyong sariling tiyan ay parang isang natural filter. Ito'y tumutulong na tanggalin ang wastes at excess fluid mula sa iyong katawan kapag ang iyong mga kidney ay hindi gumagana nang maayos. Ito'y ginagawa gamit ang isang malambot na tube para maglagay ng cleansing solution sa loob ng iyong tiyan.



Credit para sa Retrato: BC Renal Agency

## Ang mga Uri ng Peritoneal Dialysis

May 2 uri ng Peritoneal Dialysis. Matututunan mong gawin ang dalawang uring ito:

- Continuous Ambulatory Peritoneal Dialysis (CAPD): papalitan mo ang cleansing solution 1 hanggang 4 na beses sa araw.
- Continuous Cycling Peritoneal Dialysis (CCPD): gagamit ka ng machine para gawin ang dialysis habang ikaw ay natutulog.

## Ang Benefits ng Peritoneal Dialysis

- ✓ Magagawa mo ang dialysis sa iyong tahanan.
- ✓ Makokontrola mo ang iyong treatment schedule.
- ✓ Maaari kang patuloy na magtrabaho, magpunta sa eskwelahan, at magbiyahe.
- ✓ Mas mauunawaan at mas mapapansin mo ang iyong sariling kalusugan.
- ✓ Maaaring magkaroon ka ng mas kaunting restrictions sa kung ano ang makakain mo at kung gaano karaming fluid ang maiinom mo.
- ✓ Walang mga karayom na gagamitin para sa iyong pang-araw-araw na dialysis treatments.
- ✓ Makakakuha ka ng gentle dialysis treatment na makakatulong sa iyo na panatilihin ang natitirang kidney function nang mas matagal.



Credit para sa Retrato: BC Renal Agency

## Ang Peritoneal Dialysis ba ay tama para sa akin?

Ang Peritoneal Dialysis ay maaaring tama para sa iyo kung:

- ✓ ikaw ay nagtratrabaho, pumapasok sa eskwelahan, o mahilig magbiyahe.
- ✓ ang flexibility at independence sa iyong pang-araw-araw na buhay ay mahalaga.
- ✓ gusto mong maging malayang mag-enjoy sa mga bagay na pinakamahalaga para sa iyo.
- ✓ nais mong alagaan ang iyong kalusugan.
- ✓ nais mong maglaan ng karagdagang panahon para mag-exercise.

## Mga Karaniwang Katanungan

### Paano ba ginagawa sa tahanan ang Peritoneal Dialysis?

Pupunta ka sa day surgery para maglagay ng isang malambot na tube sa iyong tiyan. Ang tube na ito ay gagamitin para sa iyong pang-araw-araw na dialysis treatments.

### Ligtas bang gawin ang aking dialysis sa tahanan?

Oo. Ang paggawa mo ng iyong dialysis sa tahanan ay hindi nangangahulugang mag-isa ka. Binabawasan ng pagda-dialysis sa tahanan ang chance na maimpeksyon at pinahuhusay nito ang iyong kalusugan. Nagbibigay kami ng safety training, patuloy na suporta sa telepono, at tulong sa problem solving. Regular kang magkakaroon ng mga clinic appointment.

### Puede ba akong mag-swimming?

Oo. Bibigyan ka namin ng special training at instructions para malaman mo kung paano ligtas na mag-swimming habang nasa peritoneal dialysis.

### Okay bang mag-ehersisyo?

Oo. Ang regular na ehersisyo ay tutulong na pahusayin ang lakas ng iyong mga kalamnan, kalusugan ng buto, at sigla.

### Ligtas bang makipag-sex?

Oo. Ang sex at intimasiya ay mahalagang bahagi ng iyong pangkalahatang kabutihan. Maaari mo kaming kausapin tungkol sa sex. Matutulungan ka naming sagutin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon ka para maramdaman mo na ikaw ay ligtas at para mag-enjoy ka sa pakikipag-sex.



basahin ang likod…